
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY

# PRESS RELEASE

## CBMS, Aarangkada na Ngayong Agosto 2022!

Date of Release: 29 July 2022
Reference No. 2022-314




Isasagawa ngayong Agosto ang ***2022 Community-Based Monitoring System (CBMS)*** sa humigit-kumulang na 600 lungsod at bayan sa ating bansa, sa pangunguna ng Philippine Statistics Authority (PSA) at mga kaukulang lokal na pamahalaan. Ang CBMS ay naglalayong abutin ang bawat isang sambahayan o *household* upang kapanayamin tungkol sa kanilang *demographic* at *socio-economic characteristics* at iba pang impormasyong may kinalaman sa kanilang kalusugan, nutrisyon, istruktura ng bahay na tinitirahan, *access* sa malinis na tubig at palikuran, edukasyon, kakayahang bumasa't sumulat, partisipasyon sa komunidad, trabaho at kabuhayan, at kapayapaan at kaayusan sa kanilang komunidad. Ang mga impormasyong ito ay magsisilbing mga sukatan o *indicators* ng kalagayan ng pamumuhay ng mga sambahayan at mga komunidad sa ating bansa

Sa mga lungsod at bayan na kasali sa CBMS ngayong taon, mayroong mga *hired field personnel* tulad ng *enumerators* o *data collectors*, *team supervisors*, at *area supervisors* na liligid at magbabahay-bahay sa bawat komunidad upang isagawa ang nasabing panayam o *interview.*



Digitally signed by Mapa Claire Dennis Sioson
Date: 2022.07.30 07:37:50 +08'00'

Ang mga nabanggit na *field personnel* ay *required* na sumailalim sa walong araw na matinding pagsasanay tungkol sa mga konsepto sa CBMS, angkop na paraan ng pagtatanong o pag-iinterview, at ang paggamit ng *computer application* para sa gagawing *house-to-house interviews*. Sa pagpapasimula ng aktwal na pagkalap ng impormasyon sa mga sambahayan, kinakailangang maisagawa muna ng mga *CBMS field personnel* ang *courtesy call* sa tanggapan ng pamahalaang pambarangay upang makuha ang *endorsement* ng tanggapan ng punong barangay sa isinasagawang CBMS sa kanilang lugar.

Ang pagkalap ng impormasyon ay sa pamamagitan ng *Computer-Assisted Personal Interviewing (CAPI)*. Ito ay *face-to-face interview* o personal na pakikipanayam sa isang responsableng miyembro ng sambahayan gamit ang questionnaire na nakalagay sa isang tablet. Sa mga natatanging pagkakataon, *Paper and Pencil Interviewing (PAPI)* naman ang magiging proseso ng pagkuha ng impormasyon mula sa mga inaasahang *respondents* ng gawaing ito.

Gagamitin ang datos mula sa CBMS bilang basehan sa: 1) pagsusuri ng tunay na kalagayan ng kabuhayan ng mga sambahayan sa ating bansa; 2) makagawa ng nauukol na plano at programa ang mga lokal na pamahalaan at ang *national government* tungo sa pag-ibsan ng kahirapan sa ating bansa; at 3) pag-tukoy ng mga karapat-dapat na benepisyaryo ng iba't ibang *social protection programs* ng pamahalaan.

Inaanyayahan ang lahat na makilahok at makibahagi sa matagumpay na pagsasagawa ng CBMS simula ngayong **08 Agosto 2022.**

*Swak na Datos Para sa Komunidad na Mas Maayos – CBMS, Para sa Atin 'to!*

Digitally signed by
Mapa Claire Dennis
Sioson
Date: 2022.07.30
07:38:02 +08'00'

**DENNIS S. MAPA, Ph.D.**
Undersecretary
National Statistician and Civil Registrar General

*MEPE/PGJC/NET/ATP/RMRT/LEE*